

Sapagkat ang Paglisan ay Lagi-lagi ring Pagbalik: Ang Pagpopook at Paglikha ng Gunita ng mga Maubanin sa Amerika

Getting back into Place: Remembrances and Re-memembering of Maubanin Living in the US

Nelson Turgo

Cardiff University, United Kingdom

TurgoN@cardiff.ac.uk

Abstrak: Ang pangingibang-bayan ay paglisan sa isang partikular na pook upang magpundar ng panibagong buhay na kaipala'y pagbabadya naman ng mga posibilidad ng pagkalimot sa naiwan at pagbura sa gunita ng mga pinagdaanan sa dating kinalakhan. Subalit kahima't may ganitong mga alalahanin at pag-iisip, maaari ring ipanukala na hindi naman ito nangangahulugan ng radikal at kompletong pagtalikod sa pinagmulan. May mga guwang at siwang ng negosasyon sa pagtatanghal ng mga paggunita sa iniwang pook upang ihimaton ang afinidad at ugnayan ng umalis sa naiwan. Sa ganitong kalagayan maaaring tingnan ang danas ng mga Maubaning naninirahan sa Amerika. Kagaya ng maraming Filipinong pinili ang Amerika bilang kanilang bagong tirahan, hindi rin naman nila kagyat na iwinaksi na ang ugnayan sa kanilang bayan. Makikita ito sa kanilang mga pagtitipon katulad ng komemorasyon ng town fiesta kung saan ang kanilang ugnayan sa Mauban ay pinadadaloy sa lasap at tikim ng pagkaing Maubanin at paggamit ng mga salitang sa Mauban lamang ginagamit. Ipinakikita ng ganitong mga gawain ang rubdob ng kanilang patuloy na ugnayan sa iniwang pook bagama't ang paggunitang ginagawa'y maaari rin namang maghimaton ng mas masalimuot na unawa at pagbubuo sa konsepto ng pook, ng Mauban, ng pagiging Maubanin, sa panahon ng globalisasyon.

Mga Susing Salita: balikbayan, espasyo, globalisasyon, gunita, kumbati, pook

Abstract: *Our contemporary world is characterised by the sheer spectacle of mobility and endless leaving of people for other places—either willed or forced. People leave their native place to work, see other places or are forced to flee due to social unrest, discrimination and war. Leaving necessitates forgetting, in some ways, as people try to start a new life or leave behind their past. However, living in a new place does not mean a total break from the past or a complete forgetting of affinities and connections, foremost of which is one's emotive and primordial 'membership' to his/her place of origin. People therefore while adapting to their new place of residence also find ways to consecrate their remembrance of their 'old' place. In the case of the people of Mauban who live in the US, they constantly signal their membership to their hometown by means of the ludic experience of food and language. In social activities like their commemoration of town fiesta, they share native food and speak words known only to Maubanin, their ways of connecting to their past, their remembering of their place in this world of seeming placelessness and unfettered leaving and coming. This, amongst other things, also signals our complex understanding and experiencing of place in this day and age of globalisation.*

Keywords: balikbayan, discourse, globalisation, remembering, place, space

Introduksiyon

Dalawang magkaiba subalit magkaugnay na karanasan ang simula ng papel na ito.

Ang una: May kaibigan akong isang indie film director. Kamakailan lamang ay naglabas siya ng pelikula ukol sa Mauban. Dream project niya ito dahil nakasali sa isang premyadong indie film festival sa bansa (at nanalo pa nga ng pagkilala). Ukol sa nakababagot na kahirapan ang paksa ng pelikula na umiikot sa kahiligan sa pag-inom ng alak ng mga Maubanin. Sa kalakhan, maayos ang pagtanggap ng mga Maubanin sa pelikula bagama't may ilang hindi komportable sa ipinakita rito lalo na ang usapin ng kahiligan sa alak. Sabi ng kaibigan kong direktor, nagalit daw ang ilang kilala niyang balikbayang Maubanin mula sa Amerika na nakapanood ng pelikula. Pangit daw ang ipinakikitang imahen ng Mauban dito. Hindi raw ito magandang pagsasalarawan ng 'tunay' na Mauban. Ano na lamang daw ang sasabihin ng mga hindi taga-Mauban na nakapanood ng pelikula, na lasenggo ang mga Maubanin? Siyempre pa, naiinis ang kaibigan ko. Ipinaliwanag ko sa kaniya na may ideya siguro ang mga Maubaning ito kung ano dapat ang Mauban na makita sa pelikula at ang pagkakaiba-ibang ito ang dahilan ng hindi maayos nilang pagtanggap.

Ang ikalawa: Nitong huling bakasyon ko sa Amerika (Pasko ng 2015), sakay ng kotse patungong Philadelphia, kasama ang aking host family (mga kababayan ko sa Mauban na para ko nang pamilya), tinanong ako ng aking 'nanay-nanayan' kung may nagbebenta pa ng pupukan sa Mauban. Nagulat ako. Wala akong alam na pupukan. Wala pong ganoon sa Mauban, sagot ko. Nagtawa siya. Baka raw hindi ko lang alam ang tawag doon o baka naiba na. O baka naman naubos na, sabi niya. Ipinaliwanag niya sa akin kung ano ang pupukan. Isa raw itong uri ng talaba na nahuhuli malapit sa dalampasigan kung saan maraming malalaking bato at gasangan. Sa halos tatlong oras naming paglalakbay, marami pa siyang tinanong sa akin na mga lamang-dagat sa aming bayan na hindi ko na kilala. Nakahihiya. Umalis siya ng Mauban upang manirahan sa Amerika noong 1970 pero napakarami pa rin niyang alam sa Mauban na sa

bahagi ko ay hindi na magkagayong noong 2006 pa lang naman talaga ako umalis ng Mauban upang mag-aral sa Britanya. Ang paglalakbay na yaon ay parang pagbabalik-aral ukol sa aming bayan ng Mauban.

Pinasimulan ko ang papel na ito sa dalawang magkaiba subalit magkaugnay na 'pagdanas' sa Mauban upang ihimaton na bukod sa paglikha at pagkonsumo (social production at consumption of place) na siyang kalimitang linya ng pagbibigay-hugis sa hulagway ng pook (McAllister 2012), nais ko ring bigyang pansin ang mga paraan ng paggunita sa kasalimuotan ng mga kumbati sa pook sa ating panahon. Isinisiwalat magkagayon ng mga paggunita, sa ganang akin, ang kawalan ng iisang porma ng anumang pook, kagaya ng Mauban, bagkus ay ang pluralidad ng kanilang pag-iral sapagkat, kagaya rin naman ng komunidad, nag-iiba-iba ang ating danas at ugnayan sa pook bunsod ng sanlaksang sanhi.

“[...]There is not a given form to community and that communities are an effect of the very relations of proximity and distance between bodies. As such, questions of space are crucial to communities. It might be assumed that the present global contexts of flows, fluidity and transnational connections disturbs, if not forever dissolves, the temporal, spatial and emotive certainties of 'communities', whether national, regional and local (Ahmed and Fortier, p. 255).

Mahalagang mabigyang pansin ang mga paraan at porma ng ugnayan natin sa mga pook lalo na sa panahong ito ng mga walang humpay na paglisan at marubdob na mga ugnayan sa kabila ng mga pag-alis (Albrow 1996; Escobar 2001; McKay 2005; Urry 2007). Kaya naman, paggunita ang siyang pakay ko sapagkat kumbati ng mga Maubaning nasa Amerika ang aking sadya. Mula sa libong milyang distansiya ng Amerika sa Mauban, patuloy pa rin silang nakikipag-ugnayan sa Mauban sa pamamagitan ng iba-ibang gawain. Kaya naman, sa paggunita sa Mauban, nais kong bigyang pansin ang mga paraan, proseso, at paggalaw na nagbabanyuhay ng kanilang paggunita at kung paanong ang mga paggunitang ito

ay paglalantad din ng mga estratehiyang kultural at mga tunggaliang naglulundo sa ‘nararapat’ at ‘tamang’ Mauban. Kaalinsabay nito, nais ko ring bigyang alingawngaw ang mga katanungang:

What does it mean, at the end of of the twentieth century, to speak...of a ‘native land’? What processes rather than essences are involved in present experiences of cultural identity?” (Clifford, p. 275)

Sa papel na ito lantad na hindi Filipinas ang pakay ko kundi ang bayan ng Mauban—isa sa 40 bayan sa lalawigan ng Quezon. Mas ispesipiko at limitado ang pagpopook ko ng paggunita. Hindi isang estado bagkus ay isang maliit na bayan ang aking paksa. Subalit malay rin naman ako na may kawil ding pagsasaalang-alang ng kaibahan at pagkakatulad ng mga kakanyahan ng Mauban at Filipinas dahil hindi naman talaga maaaring ihiwalay ang Mauban sa Filipinas. Iisang mukha sila ng dalawang bagol bagama’t uyayay ang Mauban ang mas ispesipikong danas ng pagiging bahagi ng isang bansa, ng Filipinas. Kumbaga, ang pagiging Maubanin ang isa sa maraming paraan ng pagpapagitaw ng salimuot ng identidad ng pagiging Filipino, bukod pa sa danas ng mga taga-ibang bayan at probinsiya ng Filipinas (katulad ng mga Negrense, Ilokano, Pampango o Tayabasin).

Samantala, mahaba-haba at kawing-kawing na rin ang mga usapan ukol sa paggunita (remembering) (Wodak and Richardson 2009) at ugnayan at paglikha ng mga pook (place-making) (Casey 2002, Manzo and Devine-Wright 2014; McKay 2005; Nelmidia-Flores 2002) lalo na sa mga panahong ito kung saan ang palipat-lipat ng tirahan at hindi pananatili nang matagal sa isang pook bilang kondisyon ng pamumuhay ay tila siya nang natural na kondisyon ng ngangayuning buhay (Berking 2003; Urry 2007). Ramdam ang dominasyon ng ganitong diskurso ng buhay kahit na halimbawa sa mga kritikal na pag-unawa natin sa kairalan ng lunan (space) o teritoryo (territory) kung saan naglipana sa mga babasahin ang mga terminong katulad ng deterritorialisation, reterritorialisation, mobility, refugee, at marami pang iba (Amin 2002; Urry 2007; Gupta and Ferguson

1997). Samakatwid, sa kabila ng mga kasalimuotan ng lahat-lahat na, lagi’t laging may mga pagtatangka pa rin tayong bigyang hugis ang ugnayan natin sa mga pook at kapookan ng ating mga nagbabagong ugnayan sa mga pook na ating pinagmulan, nilisan, patutunguhan at babalikan. Kasabay nito, sa ating ugnayan sa mga pook, kasapakat din naman nito ang pagbibigay-hugis natin sa ating identidad bilang bahagi ng pook na ating napili (Cohen 1999). Sa proseso ng mga ugnayan namang ito natatanggal ang iba-ibang paraan ng ating paggunita sa mga pook at ang ating talabtaban sa ibang may kaniyang paraan din ng paggunita—ang di maiwasang bunga ng kompleksidad ng ating buhay sa ngayon. Halimbawa, sa pag-aaral na ginawa ni Flores (2002) kung saan kaniyang binigyang pagmamapang kultural ang salalayang identidad ng Pangasinan, inihimaton niya ang pigura ni Prinsesa Urduja at ang ispektakulo ng cattle caravan bilang mga paraan ng pagbibigay-hugis sa kapookan ng lalawigan. Sa kaniyang pag-aaral, ipinamalas ni Flores (2002) ang kasalimuotan ng kapookan ng Pangasinan na bunsod naman ng salimbayang diskurso ng kasaysayan at heograpiya ng lugar na naglulundo sa pagbabanyuhay ng etnokultural na identidad at ang pluralidad nito sa kamalayan ng mga naninirahan sa lalawigan.

Tatlong konsepto ang itinatampok ng papel na ito: pook, paggunita, at kumbati. Sa kabilang banda, sadyang may ugnayan sila, kumbaga magkakasalikop. Sa paninirahan ng isang tao o grupo ng tao, bunsod ng paulit-ulit na mga gawain at gawi, kasabay ng mga nalilikhang tradisyon, nabubuo ang pook sa iba’t ibang hugis nito (Appadurai 1995; Blunt 2005). Parehas at magkasabay silang nililikha sa kanilang mga sarili ng kanilang mga ugnayan sa isa’t isa. Walang pook na mabubuo kung wala ring nabubuon paggunita. Bagama’t may materyal na pook na maaaring tirahan katulad ng bundok at kaparangan, kailangan ang paggunita upang mabuo ito lagpas sa materyal nitong manipestasyon. Kaya naman, ang pook ay nananahan hindi lamang sa hulagway ng pisikal na kaanyuan bagkus ay sa isipan din ng mga naninirahan dito. Kumbaga, ang mga pook ay nalilikha sa pamamagitan ng mga paggunita na isinagawa sa mga kumbatihang nagaganap ng mga tao na naninirahan sa pook na

nabanggit o maaari rin namang ng mga taong malayo sa pook na ito subalit patuloy pa ring may ugnayan sa pook katulad ng ipakikita sa papel na ito.

Sa mga nakalipas na taon, nagkaroon ng marubdob na muling pagtatangi sa pook (place) bilang isang kritikal na konsepto (Casey 1998, 2002, 2009; Duncan and Ley 1993; Flores 2002; Hudson 2001; Manzo and Devine-Wright 2014; Oldenburg 1999). Bunsod din naman ito ng pagsigabo ng pag-urirang sa kairalan at gamit ng espasyo (space) sa kritikal na diskurso sa agham panlipunan (Amin 2002; Buchanan and Lambert 2005, Crampton and Elden 2007, Harvey 1998, 2000, 2006; Jameson 1991; Lefebvre 1991; Rabinow 1984; Soja 1994). Subalit kasabay rin nito ang pagyugyog sa pook bilang isang konsepto (Escobar 2001; Gupta and Ferguson 1997). Kumbaga, may pagrebisang nangyari sa pag-unawa natin sa pook. Hindi na lamang ito isang partikular na lokasyon na tinitirahan, binibisita o inookupa ng isang tao o grupo ng mga tao. Alalaong бага, hindi na lamang isang depinitibong heograpikal na lokasyon ang isang pook na may mga kinikilalang hangganan o materyalidad ng mga pagmumuhon ng sukat at lawak. Mas may angkin ng kasalimuotan ang pagsambit ng pook (Buchanan and Lambert 2005; Casey 1998, 2009; Flores 2002). Ipinakikita ito halimbawa sa pagmamapang etnokultural ng Pangasinan ni Flores (2002) kung saan hindi lamang isang administratibong politikal at heograpikal na lokasyon ang lalawigan bagkus ay isa rin namang mapang may dalumat ng kasaysayan at kultural na himaton at tunguhin.

Kaagapay ng kasalimuotan ng pagbibigay-kahulugan at pagkilala sa pook ang mga umiinog na kalagayan ng tao sa lipunan at ang paglikha ng mga bagong kalakaran sa mundo bunsod ng mga sagitsit ng mga teknolohikal na imbensiya sa paglalakbay, komunikasyon, at mga legal na rekonstitusyon ng kasapian ng tao sa mga bansa o samahan. Kumbaga, kasabay ng mga malawakang transpormasyon ng mga ugnayang panlipunan at pag-unawa sa kabuuan ng reyalidad ay ang radikal ding pagbabagong anyo ng pag-unawa natin sa pook kung paano ito nililikha at inuunawa. Bunsod ng mga pagbabagong panteknolohiya na nagbunsod ng paglansag ng mga pader ng paghihiwalay at

kalayuan, maaari ng likhain ang isang pook na malayo sa orihinal nitong kinalalagayan sapagkat hindi na lamang isang konglomerasyon ng mga bahay at pamilyar na wangis at gawi ang pook kundi isa na rin itong ideya, kumbaga may transferability na ang pook at katulad ng tao, mobility (Leonard 1997). Kaalinsabay nito, bilang ideya, maaari na nitong lagpasan ang mga hangganan na dating nagkukulong sa pook sa heograpikal nitong sisidlan. Kung ideya, kasama ng mga materyal na kaanyuan nito, maaari na ring likhain ang pook sa ibang heograpikal na kalagayan (Anand 2000). Samakatwid, maaaring may Mauban na rin sa Amerika at may iba-ibang Mauban sa iba-ibang tao, at ang paglikha at paggunita sa kaniyang kapookan ay nagbabadya at nag-aanunsiyo ng pagsasaakto ng mga gawaing magbibigay-porma sa paggunita ng pook, halimbawa na ng Mauban.

Sa kasunod na bahagi, bibigyang paliwanag ang metodo ng papel at kapagkaraka, ang tatlong tampok na ideyang babalik-balikan sa papel: pook, paggunita, at kumbati. May maikli ring pagpapakilala sa bayan ng Mauban. Pagkatapos, papasadahan ang kasaysayan ng mga pag-alis ng mga manggagawang Filipino sa Filipinas at ang mas ispesipikong naratibo ng pangangibang-bayan ng mga Maubanin. Pakay naman ng kasunod na bahagi ang pagturing at pagpapaliwanag sa mga paggunita ng mga Maubanin naninirahan sa Amerika sa Mauban at ang mga salibyakaw na porma nito. Isisiwalat din dito ang mga dahilan ng ganoong paggunita at ang implikasyon nito sa mga tunggalian ng interes lalo na yaong may kaugnayan sa konsepto ng Mauban sa kamalayan ng marami. Sa huling bahagi, ipapanukala ang mga hamon na nakahain sa mga paggunitang nangyayari at isinasagawa ng mga Maubanin lalo pa nga sa mga nagbabagong pagtanggap ng iba-ibang henerasyon sa kanilang kasapian sa mga pook na wala silang direktang danas.

Metodo ng Papel at ang Bayan ng Mauban

Bahagi ang papel na ito ng mas malaking pag-aaral na ang tuon ay ang paglikha ng alternatibong kasaysayan ng Mauban gamit ang iba't ibang material

artefacts katulad ng isang pook pasyalan, power plant, at tatlong aklat ng kasaysayan ukol sa Mauban na nasulat noong ika-19 at -20 daang taon (Turgo 2005). Kaya naman eklektiko ang lapit sa pag-aapuhap ng datos sa orihinal na proyekto. Para sa papel na ito, participant observation at panayam ang siyang mga pangunahing paraan ng pagkalap ng datos.

Tatlong beses ang naging pagbisita ko sa Amerika na siyang pinagmulan ng kalakhan ng datos, noong 2002, 2005, at 2015. Sa mga pagbisitang ito, dumalo ako sa mga pagtitipon ng mga Maubanin, sa fiesta celebration nila bilang paggunita sa patron ng bayan na si San Buenaventura. Naimbitahan din ako sa mga personal na pagtitipon katulad ng kaarawan at danas ng Pasko sa tahanan ng ilang Maubanin. Sa mga pagdalaw na ito, nakibahagi ako sa mga pang-araw-araw na gawain sa mga bahay na aking nabisita at inobserbahan ang mga interaksyon ng mga Maubanin sa kanilang kapuwa Maubanin. Bahagi rin nito ang pakikipag-usap sa kanila at ang mas pormal na panayam sa mga taong sa palagay ko’y makapagbibigay ng linaw sa mga katanungang kailangang masagot ng pag-aaral. Dahil watak-watak ang mga Maubanin at hindi lamang matatagpuan sa isang bayan o siyudad sa Amerika, at dahil hindi ko rin naman talaga kayang pasyalan ang marami sa kanila sa Amerika bunsod ng limitado kong kakayahan (panahon at pera), nakipag-ugnayan naman ako sa iba pang Maubanin sa pamamagitan ng *Facebook* at email. Sa pagdalaw ko rin taon-taon sa Mauban, kinapanayam ko ang ilang Maubaning nagbabakasyon mula sa Amerika o kaya’y bumalik na sa Mauban upang doon manirahan. Pagkatapos nito, isang pelikula rin ang pinanood ukol sa Mauban (ang pelikulang aking nabanggit sa una) at kinapanayam ang ilang Maubanin (balikbayan at hindi) ukol sa kanilang pagtanggap sa pelikula. Nais kong banggitin na ako’y isang Maubanin at malay ako sa mga isyung nakapaloob sa pag-aaral sa sariling pook at kultura at ang mga hamong kaakibat nito (tingnan halimbawa si Mankekar 2015).

Ang Mauban ay isa sa 40 bayan sa lalawigan ng Quezon. Nasa pagitan ito ng Atimonan at Real at kanugnog na bayan naman ng Tayabas at Sampaloc. Itinatag ito ng mga paring Franciscano noong 1563 at mayroong populasyon na 71,450 noong 2015.

Bagama’t predominante pa rin ang agrikultura bilang pinagkukuhaan ng ikinabubuhay ng mga tao, bunsod ng pagtatayo ng power plant sa isa sa mga barangay sa Mauban noong 2001, isa ang Mauban sa pinakamayamang bayan sa Quezon pagdating sa taunang gugol. Bukod sa agrikultura, pangisdaan din ang isa pang kuhaan ng ikinabubuhay ng mga tao bunsod na rin ng mahabang dalampasigan ng bayan na nasa harap ng Lamon Bay. At katulad ng maraming bayan sa Filipinas, marami ring Maubanin ang may pamilya at kamag-anak na naninirahan at nagtatrabaho sa ibang bansa, partikular na sa Singapore, Hong Kong, Gitnang Silangan (UAE, Saudi Arabia, at Qatar), Europa (Britanya, Italya, at Roma), at Amerika. Bagama’t walang opisyal na bilang na ginawa ukol sa mga pamilya na may miyembro o kamag-anak na naninirahan o nagtatrabaho sa ibang bansa, tinatayang hindi bababa sa 10,000 Maubanin ang kasalukuyang nasa ibang bansa at nagpapadala ng direktang tulong o suporta sa kanilang mga kamag-anak sa Mauban taon-taon.

Pook, Kumbati, at Gunita: Mga Paunang Tala

Sa mga nagdaang taon nagbalik ang pagdadalum at sa espasyo bilang paraan ng pag-urirat sa reyalidad ng kontemporaryong panahon lalo na sa pag-unawa sa halagahin nito bilang lapit sa agham panlipunan (Lefebvre 1991; Soja 1990; Jameson 1991). Naidaing na noon ni Foucault (1980) na negatibo ang tingin sa espasyo kompara sa panahon (time) kaya naman hindi nabibigyang pansin ang halagahin ng espasyo sa pag-unawa sa kompleksidad ng mga nangyayari sa mundo. Ayon nga kay Foucault, “space was treated as the dead, the fixed, the undialectical, the immobile. Time, on the contrary, was richness, fecundity, life, dialectic (Gordon 1980, p. 70).” Dagdag naman ni Soja, na alingawngaw pa rin ni Foucault (1984),

It may be space more than time that hides consequences from us, the making of geography more than making of history that provides the most revealing tactical and theoretical world (1994, p. 1).

Subalit mula nang mabanggit ni Foucault ang ganitong obserbasyon, sa nakalipas na dalawampung taon o higit pa, naging masigasig naman ang maraming teorista na itampok ang gamit ng espasyo sa pag-aaral ng mga pagbabago sa mundo na may tuon halimbawa sa pagbabagong bihis ng mga pook bunsod ng industriyalisasyon at hentripikasyon ng mga dating lugmok na mga lugar (Doering 2009; Hooper and Punter 2006).

Kaalinsabay ng pagkakaloob ng bagong buhay sa espasyo bilang kritikal na konsepto sa pag-unawa ng mga pagbabago sa regulasyon at organisasyon ng buhay at pamumuhay ngayon, nabigyan din ng panibagong pagtutok ang halagahin ng pook (place) bagama't matagal na rin namang laman ito ng pag-aaral lalo na sa larangan ng antropolohiya. Kumbaga, halimbawa na, sa antropolohiya, anumang pag-aaral na sambit ang pag-unawa sa kultura ng mga pamayanan ay nangangahulugan ng pagbisita at pamumuhay sa isang partikular na pook. Kaya naman, hindi maaaring paghiwalayin ang kultura sa pook sapagkat sisidlan ang pook ng kultura at binibigyang hugis at wangis naman ng kultura ang hilatsa ng pook.

Ang tuon sa pook bilang paksa at dalumat ng pag-unawa sa mga isyu ng pamumuhay, pakikipamuhay, relokasyon, identidad at marami pang iba ay lalo namang pinasidhi ng kakayahan ng maraming maglakbay bunsod ng pag-unlad ng transportasyon. Kasabay rin nito ng pagsigabo ng mga digmaan sa maraming bahagi ng mundo na nagdulot ng pagtakas at relokasyon ng maraming tao sa iba't ibang panig ng mundo. Sa punto ng pagsigabo ng mobilidad ng marami bunsod ng paghusay ng moda ng transportasyon, pinadali ng murang bayad sa eroplano at iba pang uri ng transportasyon ang pagbisita ng marami sa sanlaksang pook sa mundo, o pagragasa ng mass tourism. Dapat ding mabanggit ang pagtaas ng bilang ng mga manggagawa mula sa mahihirap na bansa na tumungo sa mayayamang bansa upang magtrabaho. Sa mga nakalipas na taon, mas tumaas ang bilang nila kompara sa dati. Kumbaga, bagama't iba-iba ang dahilan ng paglalakbay, marami sa ngayon ang nagkakaroon ng pagkakataon o kaya'y napipilitang maglakbay bunsod ng mga pangyayari sa mundo: turista, manggagawa, refugee, human traffic victims, at iba pa (Urry 2007).

Sa mga paglalakbay na ito at walang humpay na pagkilos ng tao mula sa isang pook patungo sa iba, may datal at gahis ang kanilang pag-alis at pagdating sa mga pook na iniwan at dinatnan. Ibig sabihin nito, ang mobilidad ng tao ay nagdadala at nag-iiwan ng epekto sa mga pook. Isa sa mga usapin halimbawa ng pananatili o pag-angkop ng mga dumadating sa isang partikular na lugar ang pagkakatulad ng pook na dinatnan sa iniwan o ang pagkakaroon ng pasilidad ng pook upang mabigyang hugis ang pagbubuo ng komunidad ng mga bagong dating na may wangis sa kanilang iniwan (Appadurai 1996; Bird 1993). Halimbawa, sa pagdagsa ng mga refugee sa Sweden bunsod ng bukas nitong polisiya sa mga tumatakas sa digmaan sa Gitnang Silangan, nabalitang marami na ring umuwi sa mga bansang kanilang pinagmulan katulad ng Iraq bunsod ng hindi matagalang klima doon. Ibig sabihin, hindi naangkupan ng mga bagong dating ang pook na kanilang dinatnan at walang mga pasilidad para sa paglikha ng mga gunitang magbubuo ng kanilang naiwan sa bagong dinatnan.

Kaya naman, sa pag-unawa natin sa kairalan ng pook bilang sisidlan ng mga pangyayari ng indibidwal na buhay at mga pambansang pangyayari, marapat na bigyang pansin ang konsepto ng gunita. Kalimitan, ang gunita'y ginagamit sa pag-uuri at pagsisiwalat ng mga pangyayaring masaklap o puno ng trahedyang. Sa mga pag-aaral na ganito, ipinakikita ang samotsaring mga hilatsa ng alaala na tigib sa mga tunggaliang pangkapangyarihan, mga naratibong namarhinalisa at namamayani sa proseso ng usad ng kasaysayan (tingnan halimbawa ang Wodak at Richardson 2009). Subalit dapat ding mabatid na kahit ang mga pang-araw-araw na buhay at mga gawaing kasalikop nito, bagama't hindi makayanig-mundo, sa kanilang pag-uulit at regularidad ay nagbubuo rin ng mga gunita lalo na nga sa pagbubuo ng kasapian sa mga pook na pinagmulan at iniwan.

Ang pook, kaipala, ay hindi lamang danas bagkus ay nananahan din sa gunita. Kumbaga, ang pagdanas sa anumang pook ay nakahimaton at may ugnayan din sa mga pulo-pulo o sapin-saping paggunita natin sa mga pook na ating kinalakhan o iniwan. Sa mga paglalakbay, ang dala ng bawat isa ay gunita ng naiwan na pook at kasabay rin naman nito ang pagbubuo ng bago sa dinatnan. Sa mga paggunita na ginagawa,

maaring selektibo ito sapagkat nagwawaglit ng mga hindi katanggap-tanggap at kaaya-aya at ang itintira lamang ay yaong mabubuti. Maaari rin namang may ideyal at romantisadong paggunita sa pook na naiwan at nalilikhang imahen ng pook na naiwan ay nahuhulma sa ganitong hugis.

May iba-ibang paraan ng paggunita sa pook na naiwan sa bagong pook na dinatnan o kung babalik man sa pook na iniwan, ang dala'y yaong nalikhang paggunita habang nasa bagong pook na tirahan. Halimbawa, maaaring magsagawa ng aktibidad na kopya at hulma sa naiwan upang isaakto ang hindi matinag na pag-anib sa dating pook na kinabibilangan. Maaari rin namang maglandas ito sa patuloy na paggamit ng wika ng pook na pinagmulan kahit na nga nagpapakadalubhasa rin sa ibang wika. Mayroon din namang sumusulat ng kanilang memoir o mga kuwento ng paglaki sa pook na iniwan upang sa ganoon ay maibahagi sa iba at patuloy na makalikha ng ugnayan. Ibig sabihin lamang maraming paraan ang paggunita at itong mga paraang ito ay hindi naman walang tensiyon na malilikha sapagkat ang paggunita ay isang aktong sosyal at politikal (Wodak and Richardson 2009). Sa anumang paggunita, nangangahulugan ito ng paggigiit ng pansarili at personal na bersiyon o pisngi ng kasaysayan ng naiwang pook. At anumang personal na akto ay laging nang-aakit ng mga pagsalunga at ibang opinyon dahil ang bawat isa ay may kani-kaniyang danas na nagbubunsod naman ng pagkakaiba-iba ng pagsasagawa ng paggunita. Naririto ang hiraya ng paggunitang isinasagawa ng mga Maubanin na ninirahan sa Amerika. Naririto rin ang mga kaibahan at pagsalunga na kaipala'y magbubunsod sa iba-ibang mukha ng Mauban.

Sa ugnayang pook at gunita mahalaga ang papel ng kumbati. Ang "kumbati" ay nagmula sa salitang Espanyol na *combate* na ang ibig sabihin ay "fight," "combat," "mental strife," "contradiction," "opposition" (Raventos 1995, 57). Sa tulang "Mi Ultimo Adios" ni Jose Rizal, ito ang kaniyang gamit ng salitang *combate*:

En campos de batalla, luchando con delirio
Otros te dan sus vidas sin dudas, sin pesar
El sitio nada importa, cipres, laurel o lirio,

Cadalso o campo abierto, **combate** (sa akin ang diin) o cruel martirio,
Lo mismo es si lo piden la Patria y el hogar.
(Quibuyen 1999, p. 5)

Sa salin sa Tagalog na ginawa ni Andres Bonifacio, ang kaniyang pakahulugan sa salitang *combate* ay "pakikihamok" (Quibuyen 1999, 5). Sa Mauban, imikin ang kumbati ng mga tao kapag nais makipag-usap sa iba: "Kumbatihan tayo." Sa kalakhan, ang kakumbati'y matagal ng kakilala at kung magkagayon ay nakabuo na ng pag-unawa sa paraan ng proseso ng pag-iisip ng bawat isa. Subalit lagpas sa pang-araw-araw na gamit ng kumbati, nais kong ipanukala ang isa pang dimensiyon ng kumbati na hindi nabibigyang diin at ito ay ang kakayahang magbuo at humubog ng mga ideyang napapatungkol halimbawa sa paggunita ng mga kapookan.

Sa ganitong usapin, ang kumbati'y isang paraan ng pagkilala't pag-unawa sa kausap at sa proseso'y pag-alam na rin sa lipunang pinagmulan ng kakumbati. Ang pagkumbati kung gayo'y pagbuo at pagwasak sa pagkilala't pag-iral ng isang entidad. Kaya naman, anumang uri ng kumbati'y pakikipagtalabtaban ng sariling namamayani o naisantabi sa komunidad, nasyon-estado, at sa global na komunidad. Ang kumbati'y hindi lamang nangyayari sa lebel ng salita o pakikipag-usap. Ang kumbati'y lumilikha ng mga panibagong paraan ng pakikipagkumbati na maaaring nasa porma ng isang akda, estruktura, larawan, mapa, plano, monumento, gusali o mga gawi. Ibig sabihin lamang, ang araw-araw na buhay ay araw-araw na pangungumbati. Ang pag-akda ng isang tula'y pangungumbati katulad din naman ng pagbasa nito. Ang pagtatayo ng isang estruktura'y pangungumbati katulad din naman ng pagbaklas nito upang magpundar ng bago. Gayon din ang pagpapasa ng isang batas o kaya'y pagdisenyo ng isang planong pambayan. O sa kaso ng mga Maubanin sa Amerika, ang kanilang rahuyo sa mga kakaning Maubanin sa mga pagtitipon, paggamit ng mga salitang Maubanin, at marami pang iba. Pagkumbati sila sa lahat ng maaaring puwersang sumuporta at humadlang sa kanilang balakin at adhikain.

Kasaysayan ng mga Pag-alis

Matagal na ring naglalakbay ang mga Filipino palabas ng bansa. Maaaring simulan natin ito kay Enrique na sumama kay Ferdinand Magellan sa kaniyang paglalayag at naglingkod bilang tagasalin. Sa panahon ng Kastila, limitado ang mga pag-alis bagama't may ugnayan na ang Filipinas sa Mehico, halimbawa, bunsod ng Galleon trade. Sa mga unang taon lamang talaga ng ika-19 na daang taon, lalo na sa pagbubukas ng Suez Canal, nagkaroon ng pagkakataon ang maraming maykayang Filipino na maglakbay at makatungo ng Europa. Marami sa mga Filipinong ito, katulad nina Jose Rizal, Graciano Lopez Jaena, Gregorio del Pilar, at iba pang kasama ay nagtagal sa Europa upang magtrabaho at magpakadalubhasa (Agoncillo 1990).

Nang masakop ng Estados Unidos ang Filipinas noong 1898, madaling nakapaglakbay ang mga Filipino patungong Amerika. Sa mga panahong ito, ang paglalakbay sa labas ng bansa ay nangangahulugan ng pagluluwas ng lakas-paggawa. Kumbaga, sa panahong ito, maaaring napasimulan ang pagtrato sa lakas-paggawa bilang isang export commodity.

Pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sa simula ng 1965, nagkaroon ng liberalisasyon sa mga batas sa imigrasyon sa Amerika na nagbukas ng pinto sa maramihang paglisan ng mga Filipino patungong Amerika (Okamura 1983).

Simula naman noong dekada 1970, naging sistematiko at malawakan ang paglalakbay ng mga Filipino para magtrabaho sa ibang bansa. Sinamantala ni Marcos ang umuunlad na konstruksiyon sa Gitnang Silangan na bunga ng tumataas na demand sa langis. Tumutugon ito sa dalawang pangunahing problema ng bansa: ang kawalan ng trabaho at papalaking utang panlabas. Nakita rin ni Marcos na mahusay na tagapagdagdag sa foreign currency reserve ang ipinadadalang remittance ng mga Filipinong nagtatrabaho sa ibang bansa. Bunsod ng mga dahilang ito, naging opisyal na polisiya ng pamahalaan ang pagtulong sa mga Filipinong nagnanais maghanap ng trabaho sa ibang bansa. Sa panahon ni Marcos, naitatag ang Philippine Overseas Employment Administration (POEA), ang sangay ng pamahalaan

na nagreregula at tumutulong sa mga proseso bago umalis ang manggagawang Filipino sa destinasyon niyang bansa. Sa pag-unlad din ng mga ekonomiya sa mga karatig-bansa katulad ng Singapore at Hong Kong, nabuksan ang pagkakataon ng kababaihang Filipinong magtrabaho roon bilang mga kasambahay. Sa pagpasok din ng 1990, marami na ring kababaihang Filipino ang nagtungo sa Gitnang Silangan bilang mga kasambahay at manggagawa sa mga opisina, paliparan, at malalaking pamilihan doon (katulad ng mga mall at duty free shop). Ipinagpatuloy naman ng mga sumunod na pangulo kay Marcos ang pagsuporta sa pag-alis ng mga Filipino upang magtrabaho sa ibang bansa at sa mga panahong ito, mas dumami ang destinasyon ng mga Filipino at lumawak ang mga prosesyong na pinasukan nila. Halimbawa, nagpadala ang Filipinas ng mga mang-aawit at mananayaw sa Japan, mga doktor, care giver at nurse, at iba pang propesyonal sa Amerika, Canada, Australia, at Britanya. Noong 2015, tinatayang nasa 2.4 milyong Filipino ang nasa ibang bansa bilang manggagawa. At dahil sa malaking kontribusyon ng mga manggagawang Filipino sa foreign currency reserve ng bansa na umabot sa USD 26.92 bilyon noong 2015, mas naging komprehensibo ang suporta sa mga Filipinong nagtatrabaho sa ibang bansa at dahil dito, inaasahang patuloy na tataas ang bilang ng mga Filipinong nagtatrabaho sa ibang bansa kahit pa nga gumaganda na ang ekonomiya ng Pilipinas.

Masasabing napormalisa ang pangingibang bayan sa Estados Unidos ng mga Maubanin noong dekada '60 bunsod ng liberalisasyon sa mga batas ukol sa migrasyon bagama't noong mga 1920s hanggang 1950s, may ilan ng Maubaning nakatungo sa Amerika upang mag-aral. Kalimitan sa kanila ay nagmula sa mga kilala at mayamang angkan sa Mauban.

Sa tala ni Genoveva Calleja Ingles (1945), hindi iisang Maubanin ang tumungo ng Amerika upang doon tumuklas ng dagdag pang karunungan. Ilan sa mga kauna-unahang Maubaning nag-aral sa Amerika ay sina Procopio F. Eleazar (University of California, 1928), Luis Salvosa (West Point at University of Michigan, 1930), Maria del Banco Pastrana (University of Michigan-Ann Arbor, 1929),

Maria Vita Beltran (University of Columbia, 1948), Norma G. Ingles (New York University, 1950) Fr. Horacio dela Costa (Harvard, 1951), Senen dela Costa (Harvard, 1952), Leonila dela Costa (Simons College, 1953), Jose Ingles (University of Columbia, 1953) at Tobias Enverga (University of Michigan, 1954). Masasabing sila ang mga kauna-unahang Maubaning nakabisita sa Amerika at maaaring naisipang doon na rin manirahan. Sa kasalukuyan, halos lahat ng mga binanggit sa unahan na Maubaning ay may mga kamag-anak na naninirahan doon ngayon.

Noong 1967, binuksan ng U.S. Immigration Act and the Filipino-American War Veterans Law ang pagkakataon sa ilang Maubaning na tumungo sa Estados Unidos bunsod ng kanilang propesyon at pagkakaroon ng kamag-anak na beterano sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Tinatawag na pioneer ang mga Maubaning tumulak patungong Amerika sa mga panahong ito. Hindi katulad ng mga umalis simula noong 1920 hanggang 1950s, ang mga umalis na Maubaning ay mga manggagawa at hindi mga mag-aaral at may intensiyon na sa Amerika na manirahan. Karamihan sa kanila'y mga guro, office worker, engineer, architect, lawyer, doctor, at nurse. Dahil sa mga wala pang kamag-anak o kababayang matitirahan sa pagtungo roon (bumalik sa Filipinas ang maraming Maubaning nag-aral sa Amerika), kalimitang nakipanirahan sila sa mga kaklase sa kolehiyo, kakilala ng kamag-anak o kaya'y nakisama sa mga kapuwa Maubaning naghanap ng mga kapuwa Maubaning handang magkanlong sa kanila.

Mahirap ang mga unang taon ng kanilang paninirahan sa Amerika. Ayon sa mga Maubaning sa Amerika na naunang dumating, personal silang lumalapit sa mga tanggapan o pabrika upang mag-a-play ng trabaho. Ginagalugad nila ang mga siyudad na kanilang pinupuntahan upang maghanap ng ikabubuhay. Kapag may nababalita silang bukas na trabaho sa mga kanugnog na lugar, sama-sama silang tutungo roon at makikipagsabayan sa hungos ng mga taong katulad din nila'y bagong dating sa Amerika. Sa mga unang taong ng kanilang pamamalagi roon, palipat-lipat sila ng tirahan. Kung saan may nababalitang magandang trabaho, doon sila tatakbo. Sa maliliit na apartment sila nagsisiksikan. Ang lahat

ay tinitipid upang mapagkasya ang kakarampot na perang dala pa nila mula sa Filipinas.

Sa kasalukuyan, ang pagtungo sa Amerika ng mga Maubaning ay bunsod ng dalawang rason: pagkakaroon ng trabaho doon bilang nurse at pagkakaroon ng pamilya o kamag-anak na pinetisyon sila upang doon na rin manirahan. Hindi na kalakhan ang bilang ng mga Maubaning umaalis patungong Amerika sa kasalukuyan upang doon magtrabaho at manirahan subalit dahil sa maraming taon na rin ng kasaysayan ng migrasyon doon ng mga Maubaning, malaki-laki na ring bilang ng mga Maubaning sa kasalukuyan ang naninirahan sa Amerika. Bagama't walang opisyal na bilang, tinatayang hindi bababa sa 2,000 Maubaning ang kasalukuyang naninirahan sa Amerika at kalimitan sa kanila ay matatagpuan sa New Jersey, New York, Maryland, San Francisco, Los Angeles, Guam, at Hawaii.

Mga Kumbati ng Paggunita

Tila magkasalunga ang mga salitang pook at globalisasyon. Sa ganang pagpapakahulugan, maaaring isiping ang pook ay lokal, may ispesipiko at nakatakdang hangganan at ang globalisasyon naman ay hindi nananahan sa anumang pook, bagkus ay nagpapaikot-ikot at kumukubabaw sa lahat-lahat na kaya naman walang kapirmihan (Amin 2002; Appadurai 1995; Berking 2003; Jameson and Miyoshi 1998). Sa isa pang banda, nagbabadya ang globalisasyon ng pagkatunaw at pagkagunaw ng mga hangganan at ispesipisidad dahil lumilikha ito ng mga pagkakatulad at pag-iisa ng mga nagkakaiba (Scholte 2005). Halimbawa, bunsod ng globalisasyon, ang isang pook ay maaaring dumanas ng pagkawala ng angking kaibahan nito sa ibang pook at yumakap sa mas pangkalahatan at generic na kakanyahan. Para sa mga taong naninirahan sa isang pook, maaari ring magbunsod ang globalisasyon ng pagkawala ng angkla ng tao sa pook na kaniyang kinabibilangan at kapagkaraka ay paglalaho rin ng kanyang identidad dito sapagkat bagama't may pook siyang kinabibilangan mas malaya na siyang nakapaglalakbay kahit hindi siya umaalis dahil

marahas at dagadang na ang pasok ng impormasyon sa kaniya.

Maaaring ganito nga ang reglamentong kakasadrakan ng marami sa atin subalit dapat ding mabatid na may iba pang maaaring malikha ang globalisasyon partikular na sa ugnayan ng mga tao sa pook na kanilang pinagmulan. Halimbawa, may palagay na, globalization, paradoxically, has led to a strengthening of local ties, allegiances, and identity politics within different nation-state formations, even though what may emerge is what Stuart Hall calls that more “tricky version of the “local” which operates within, has been thoroughly reshaped by “the global” and operates largely within its logic (Wilson and Dissanayake, p.5).

Sa ugnayan ng mga umalis sa kanilang mga pinagmulan, maaring makalikha ng mga pinaigting pang ugnayan bunsod ng teknolohiya katulad ng email, telepono, Internet, at iba pang paraan ng komunikasyon. Subalit maaari rin namang ang ugnayan ay mas nasa lebel ng ordinaryo at pang-araw-araw, mga paggunitang sa kanilang pagtatanghal ay nagtatampok sa mahigpit na kasapian ng mga umalis sa pook na kanilang iniwan. Sa kaso ng mga Maubaning nasa Amerika, partikular na yaong aking nakasalamuha at nabisita sa New Jersey, Philadelphia, at New York, maaaring tingnan ang paggunita na kanilang ginagawa sa mga espesyal na okasyon katulad ng komemorasyon ng town fiesta kung saan nagsasalo sila sa kakaning Maubanin at nangingibabaw ang paggamit ng mga salitang taal sa Mauban. Sa mga paggunitang kagaya nito, may lambong ng komunitas ang konsekrasyon ng kanilang afinidad sa Mauban. Subalit maaari rin namang may gahis ng tunggalian at oposisyunalidad ang paggunitang ginagawa katulad ng pagtanggap at kritika sa isang pelikulang ukol sa Mauban.

Sa kasalukuyan, apat ang aktibong samahan ng mga Maubaning naninirahan sa Amerika: ang Maubanin Association of Eastern USA, Mauban Association of Northern California, Mauban Midwest at Mauban USA. Para sa mga miyembro nito, mahalaga ang ginagampanang papel ng kanilang samahan sa pagpapatatag ng kanilang ugnayan sa Mauban katulad ng ipinakita ni Okamura ukol sa mga

Filipinong nasa Hawaii (1983) at kanilang ugnayan sa mga bayan nila sa Filipinas. Sa pamamagitan ng mga samahang ito, nakalikha ng walang patid na pagkilala sa bayang kanilang pinagmulan at pagsasabuhay ng mga gawing ang ispesipidad ng lokasyo’y nakaangkla sa Mauban.

Taon-taong nagsasagawa ang mga samahang ito ng tatlong gawain upang makalikom ng salapi para sa mga proyekto ng samahan: ang town fiesta celebration (ginagawa tuwing Hulyo), dinner-dance (sa mga buwan ng Oktubre o Nobyembre) at Christmas party (tuwing Disyembre). Dahil may mga proyekto ang mga samahang ito sa Mauban katulad ng medical-dental mission, scholarship programs, at marami pang iba, kailangan ang paglikom ng salapi para sa mga nabanggit na proyekto at ang pagsasagawa ng mga pasayaw (katulad ng dinner-dance) at iba pang uri ng pagtitipon ay mahalagang hanguan ng pondo. Isang beses akong nakadalo sa isa sa mga pagtitipong ito, ang fiesta celebration ng mga Maubanin sa New Jersey-New York-Maryland area noong ika-10 ng Hulyo 2005 (at bagama’t hindi na ako nagkaroon ng pagkakataong makadalo sa mga sumunod pang fiesta celebration, ayon na rin sa aking pakikipag-usap sa mga dumadalo taon-taon, wala namang halos nabago sa kanilang mga gawain dito. Ayon nga sa aking mga nakausap, kagaya pa rin ng aking nasaksihan noon—parehong pagkain (bagama’t maaaring iba-iba na ang nagluto) at parehong salimbayan ng mga salitang Maubanin).

Ginanap ang pagtitipon sa isang parke sa Bayonne, New Jersey. Buong maghapon ang programa upang mabigyan ng pagkakataon ang mga may trabaho at nasa malalayong lugar na makadalo. Dahil dating opisyal ang host parents ko, maaga kami sa venue. Wala pang masyadong tao nang dumating kami subalit may mga nauna na sa amin, ang isa sa mga pinakamatandang miyembro ng samahan. Kasama ang kaniyang mga anak, sinalubong kami ng Tiya Flavia (hindi tunay na pangalan) at inanyayahang makisalo sa inihanda niyang lugaw, puto at kutsinta, mga kakaning kalimitang ibinebenta sa Mauban tuwing umaga. Buong lugod kaming nagpaunlak habang ang Tiya Flavia naman ay abala sa pagsasaayos ng mga handang dala nila. Naunang nakarating sa

Amerika ang kaniyang mga anak, noong dekada 70 at sumunod siya at ang kaniyang asawa noong kalagitnaan ng 1980s at doon na nanirahan magmula noon. Katulad ng maraming matandang Maubaning pinili nang manirahan sa Amerika dahil halos lahat ng kanilang mga anak ay doon na naninirahan, limitado na rin ang kanilang mga gawain (karamihan sa kanila ay hindi na nagtatrabaho at nasa bahay na lamang) kaya't ang mga pagtitipong kagaya nito ay kanilang inaabangan. Bukod sa makasalamuha muli nila ang mga kamag-anak at kaibigan na naninirahan sa malalayong lugar, pagkakataon na rin ito upang makapagluto sila ng mga pagkaing Maubanin na kalimitan nilang nagagawa kung may okasyon lamang. Kaya naman ang pagtitipong kagaya ng town fiesta ay pagkakataon ng maraming Maubanin na balikan ang alaala ng kanilang paglaki o kabataan sa Mauban sa pamamagitan ng pagkaing kalimitang niluluto lamang sa Mauban. Sa pagdating pa ng ibang Maubanin, tumambad sa akin ang maraming pagkain na dala ng bawat isa. Bukod sa tipikal na pagkaing Filipino katulad ng kaldereta, morcon, dinuguan, palabok, at marami pang iba, lagi't laging patok at pinagkakaguluan ang tinutu, tamales, binalawan, pinangat, at ginanga. Para sa mga Maubanin, ang mga ito ang mga pagkaing kumakatawan sa Mauban at ang pagkatikim sa kanila ay tila muling pagbabalik sa Mauban.

Madalang akong makatikim ng mga iyan dahil mga tamad magluto sa amin, kalimitan take-out o kung may panahon namang magluto, wala namang mabilihan ng ingredients, kagaya ng sinantulan, saan ka kukuha ng niyaryar (grated) na santol o tinutu, saan ka bibili ng dahon ng gabi? Kaya kapag nakatikim kami nito, sobrang saya. Para na rin kaming nasa Mauban. Parang nagbabalik ang aming kabataan (Interbyu 002, 2005, New Jersey).

Nakakagulat ding isipin na, halimbawa, para sa mga anak ng Maubaning ipinanganak na sa Amerika at hindi pa o madalang makapasyal sa Mauban, ang mga pagkaing Maubanin ang kanilang koneksiyon sa bayang pinagmulan ng kanilang mga magulang. Dahil hindi pa naman sila nakadalaw sa Mauban o kung

makadalaw man ay panandalian lamang, ang patuloy na ugnayan nila sa Mauban ay bunsod na lamang ng paulit-ulit (reklamo ng isang anak ng Maubaning nakilala ko) na kuwento ng kanilang magulang at matatandang kamag-anak ukol sa kanilang paglaki sa Mauban, ang mga pamilyar na pasyalan doon, ang Santakrusan, Mayuhan (fiesta ng nayon na ginagawa tuwing buwan ng Mayo) sa mga barangay at ang mga kakaning Maubanin. Sa kakaning Maubanin, ang konsekrasyon ng kumbati ng paggunita sa Mauban ay nabibigyan ng mas ramdam at lasap na danas. Ayon nga sa isa sa mga kabataang Maubanin na hindi pa nakapapasyal sa Mauban, bagama't memoryado na n'ya ang pangalan ng mga pagkaing Maubanin, ang pagkain lamang talaga ang kanilang matibay na koneksiyon sa Mauban at kaugnayan sa isang bayang hindi pa nila nararating subalit laging naririnig at 'natitikman'.

In so many ways through food I have developed this emotional affinity with Mauban. I have only seen Mauban in pictures or heard about it in my parents' and grandparents' stories but it's only through food that this connection is intensified. My favourite is 'binalawan'. It's smelly but I like it so much. The smell lingers in your memory and by extension, the image of Mauban itself (Interbyu, 2015, New Jersey).

Sa mga pagtitipon ding kagaya nito nagkakaroon ng pagkakataon ang mga Maubaning mag-usap-usap ukol sa mga nangyayari sa Mauban at ipahayag ang kanilang mga opinyon partikular na sa mga proyektong pambayan at lokal na politika. Halimbawa, sa okasyong aking dinaluhan, dahil ng mga panahong yaon ay tagapayo ako ng punong-bayan at naglingkod din sa Sangguniang Bayan, marami ang nagtanong sa akin ukol sa power plant at nagpahayag ng kanilang pagtutol sa pagkakatayo nito sa Mauban. Para sa marami sa kanila, ang pagtatayo ng power plant sa Mauban ay hindi makatutulong sa mga taong naninirahan doon sapagkat magkakaroon ng epekto ang operasyon ng planta sa kalusugan ng mga Maubanin at sa kapaligiran sa kalakhan. Para sa kanila, dapat manatili ang 'bucolic appeal' (ayon sa isa sa aking mga nakausap) ng Mauban.

Kaalinsabay nito, kasama ng palitan ng opinyon ukol sa mga balita sa Mauban ay ang pagkakataong magamit muli ang mga salitang Maubanin na pawang mga Maubanin lamang ang nakaiintindi. Halimbawa, nang pira-pirasuhin na ang lechon, sinabihan ako ng kausap ko na ‘pumangos na’ o humilap ng kapirasong laman ng lechon. Dagdag pa, imbes na kapatid, hinlog ang banggit nila sa bawat isa. Kung aakyat naman sa maliit na entablado ginawa para paglagyan ng imahen ng San Buenaventura, patron ng Mauban, adyu ang sigaw ng mga tao at sa bawat sigaw ng adyu, nagtatawanan ang mga tao. Sa pagdagsa ng mga dadalo sa mesang nilalagyan ng pagkain, may sumigaw na “para kayong mga kumu-kumung dapil!” Nagtawanan ang lahat. Para sa mga matagal nang wala sa Mauban at hindi na rin nagagamit ang mga salitang Maubanin dahil sa kawalan ng makakausap na Maubanin lagi-lagi, panahon ito ng muling pagbababad sa mga salitang matagal na nilang hindi naririnig o nakaligtaan na. Halimbawa, isa ang aking host foster mother na maraming alam na salitang Maubanin. Sa pagtitipon, isa siya sa kalimitang tanungan ng mga dumalo kung may mga salitang Maubanin na hindi maintindihan o hindi malinaw ang pakahulugan. Ayon sa kaniya, ang hindi paglimot sa mga salitang Maubanin ay nakatutulong sa kaniya para patuloy na maging malinaw ang alaala ng kaniyang paglaki sa Mauban. Kumbaga, ang kabatiran niya sa maraming salitang Maubanin ang kaniyang matibay na koneksiyon sa Mauban. At dahil lumaki siya sa tabing dagat kung saan ang pangunguha ng mga lamang-dagat sa aplaya ay kanilang gawaing magkakapatid, ang pagbanggit ng mga lamang-dagat kagaya ng pupukan na aking nabanggit sa simula ng papel na ito ay nagkakawing sa kaniya sa mga danas ng kaniyang pagkabata—ang paggising sa umaga upang magbantay sa paglabas ng pupukan sa mga gasangan. Kumbaga, may kakabit na imahen at tabas ang bawat salitang Maubanin na mababanggit.

Masasabing sa mga pagtitipong katulad ng nabanggit, nagkakaroon ang mga Maubanin sa Amerika ng pagkakataon sa isang kolektibong pagsasabuhay ng mga paggunita sa kanilang kaugnayan at imahen ng Mauban. Kaipala, naiikumbati nila ang mga gawi, salita at lasa ng Mauban na naglulundo

sa ugnayan at paggunita sa kanilang kasapian sa Mauban. Bagama’t maaaring iba-iba ang rubdob at anggulo ng ugnayan, ang mga Maubaning dumadalo sa mga kagayang pagtitipon ay nagtatanghal ng kanilang pagiging bahagi ng isang pook na kahima’t malayo na sila ay lagi rin namang malapit bunsod ng tikim sa mga pagkaing inihanda at paggamit ng mga salitang mga Maubanin lamang ang makauunawa. Subalit hindi lamang kolektibo ang paggunita sa Mauban. Para sa iba, maaaring indibidwal din ito at tutuon sa mga pansariling pag-aapuhap ng paraang mag-uugnay sa kanila sa Mauban.

Sa tatlong beses kong pagpasyal sa Amerika, lagi’t laging binalak kong pasyalan ang isang Maubanin na huling napasyal sa Mauban noong 1992. Ito ang una at huli niyang pagpasyal sa Mauban mula nang umalis siya sa Mauban noong 1964 patungong Amerika upang mag-aral. Nabibilang siya sa isa sa mayayamang angkan sa Mauban na nagmamay-ari ng malawak na mga lupain. Subalit dahil lahat ng miyembro ng kaniyang pamilya ay nasa Amerika na at doon na rin nailibing ang kaniyang mga magulang, napagdesisyunan na niyang sa Amerika na rin tumanda. Dahil malayo siya sa mga siyudad kung saan maraming Maubanin ang naninirahan, hindi siya nakadadalo sa mga pagtitipong katulad ng aking nabanggit. Nagkakaroon lamang siya ng pagkakataong makasalamuha ang kapuwa niya Maubanin sa mga family reunion ng kaniyang angkan. Kaya naman, hindi katulad ng iba, wala siyang pagkakataong maisabuhay ang ugnayan sa Mauban sa mga pampublikong tagpuan at ritwal katulad ng sama-samang pagkain ng mga pagkaing Maubanin o pagsasalita ng mga salitang Maubanin. Kaya naman, para sa mga kagaya niya, ang ugnayan sa Mauban ay kaniyang isinasagawa sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga kuwento ng buhay ng mga miyembro ng kaniyang pamilya at mga kaibigan.

Noong huling pasyal ko sa Amerika (2015), nagkausap kami sa telepono at binanggit niya ang kaniyang pagsusulat na ginagawa. Ayon sa kaniya, isinusulat niya ang mga kuwento ng mga kakilala niya na kalimitang nabibilang sa mga kilalang pamilya sa Mauban. Marami sa kanila ay magulang o ninuno ng mga kaibigan at kakilala na karamihan ay nasa

Amerika na. Sila ang mga unang guro, politiko, pari, at mga kilalang tao sa Mauban. Ang mga kuwentong kaniyang isinusulat ay mula sa panayam sa mga taong ito noong buhay pa sila o kaya naman ay panayam sa kanilang mga kamag-anak. Mga kuwento ito ng pag-ibig, pagtataksil, pagkabigo, at tagumpay ng mga Maubanin sa pagtatapos ng ika-19 na daang taon at mga unang dekada ng ika-20 siglo. Sa isang kuwento na ipinadala niya sa akin, ikinuwento niya ang mga danas sa panliligaw ng mga binata at dalaga sa Mauban noong bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig—mga danas ng buhay na hindi na bahagi ng karanasan ng maraming kabataang Maubanin sa kasalukuyan. Marami pa siyang kuwento na nasulat na aniya’y hindi maaaring ibahagi sa iba dahil may mga detalye na maaaring magpasakit sa damdamin ng mga taong kasama sa kuwento. Sa lahat-lahat, ang mga nasulat niyang mga kuwento at sinusulat pa ay mga alaala ng Maubang wala na, mga kuwento ng nagdaang panahon sa Mauban na kakaunti na lamang ang may alam.

Ayon sa kaniya, bagama’t isang beses lang siyang nakauwi sa Mauban, lagi’t lagi naman siyang interesado sa kasaysayan ng Mauban lalo na nga ang mga personal na danas ng mga kilala niyang pamilya. Bagama’t PhD sa Zoology ang kaniyang tinapos, hilig din naman niya ang pagsulat ng mga kuwento kaya ang pagkakalap at pagsulat ng mga kuwento ng mga Maubanin na sa palagay niya ay interesante ang pinagkaabalahan niya lalo na nga at retirado na siya.

Sa isang banda yung mga kuwento ng buhay ng mga taong kilala ko, sila yung parang koneksiyon ko talaga sa Mauban. Sa totoo lang, sa tagal ko nang hindi nakakauwi, hindi ko na masyadong tanda ang mga lugar sa atin. Pero dahil sa mga kuwento ng mga taong nasulat ko, parang laging kasama ko ang Mauban. Parang laging fresh yung alaala ko sa Mauban but yun nga, frozen in time, Mauban ng mga 1940s o bago ako umalis pa-Amerika (Interbyu 001, 2015, New Jersey).

Sa personal na lebel, bagama’t ang paggunita niya sa Mauban ay hindi yaong pagkaing Maubanin o patuloy na kaalaman sa mga salitang Maubanin,

patuloy rin naman siyang nakikibahagi sa paggunita sa Mauban. Sa mga kuwento at naratibo ng pribadong buhay ng mga kakilala na kaniyang nalikha at nililikha, nakapagbubuo siya ng mga himay-himay na bahagi ng kasaysayan ng Mauban na hindi batid ng marami. Ang mga kuwentong ito, bagama’t indibidwal at personal, ay nagbibigay ng hibo at kulay sa mahaba-haba na ring kasaysayan ng Mauban partikular na sa mga hindi lantad, tago, at personal na buhay ng ilan sa kilalang tao at pamilya ng bayan. Sa isang banda, maaaring sabihing elista ang kumbati niya (ilan lamang siguro ang makaka-relate sa ginagawa niya) at paggunita sa Mauban sapagkat sambit lamang ng mga kuwentong nililikha ang mga kilalang tao at pamilya sa Mauban. Kahiman at ganito, dapat pa ding isaalang-alang ang posisyunalidad ng sumusulat—nabibilang sa mga mayaman at klase ng may-lupa, nakapagaral sa Amerika at doon na napiling manirahan—kumbaga, maaari lamang niyang gunitain ang may kabatiran at personal na danas niya. Ang iba pang danas—danas ng magsasaka, mangingisda, at iba pa, ukol sa Mauban—na maaaring magamit sa paggunita sa Mauban ay maaari namang gawin ng iba. At dito rin naglalandas ang magkakaiba-ibang paraan ng kumbati at tunguhin ng paggunita sapagkat magkakaiba ang hulagway na kalalabasan ng ugnayan sa Mauban na maaaring makalikha ng pagkakaiba at hindi paghuhugpong tungo sa nagkakaisa at nag-iisang paggunita sa Mauban. Kaugnay nito, sa panghuli, nais kong bigyang puwang ang pagsipat sa isang pelikula na nalikha ng isang Maubanin at naipalabas sa isang film festival at ang pagtanggap sa pelikulang ito ng mga Maubaning nanirahan sa Amerika at napiling magretiro sa Mauban ang magpapakita ng nagkakaibang paggunita sa Mauban.

Ang pelikulang *Mauban: Ang Resiko* ay ukol sa isang pamayanan sa isla ng Cagbalete sa Mauban (kilala ngayong pasyalan ng mga turista) na nabubuhay ayon sa lohika ng paikot-ikot na kahirapan. Ang mga pangunahing tauhan ay nagtatrabaho bilang manggagawa sa alakan at sa panahon ng suweldo, mauubos ang malaki-laking bahagdan ng kinita sa pagpapainom sa mga kaibigan. Kaya naman, dito umiinog ang mundo ng mga tao

sa isla, sa mundo ng resiko o pagbibigay ng bahagi ng kinita sa iba sa pamamagitan ng pag-iinom ng alak. At dahil kilala ang Mauban sa regularidad ng pag-iinom ng mga tao (dahil maraming gawaan ng alak sa mga linang ng Mauban at bahagi na ito ng pang-araw-araw na buhay ng mga Maubanin), para sa maraming Maubaning nakapanood, nakatatawag makita ang kanilang mga sarili at ang prehuwisyo sa pag-iinom ng maraming Maubanin. Kumbaga, sa mga Maubanin sinasalamang ng pelikula ang alam at karaniwang ginagawa ng marami sa Mauban—ang predisposisyon sa pag-iinom kahit walang partikular na okasyon (na maaari rin namang igaya sa gawi ng mga taga-ibang bansa katulad halimbawa sa Britanya kung saan pagkatapos ng trabaho ay tumutuloy ang mga tao sa pub upang mag-inom). Magkagayon man, para sa ibang Maubanin, partikular na yaong mga Maubaning nagbalik-bayan sa Mauban matapos ang matagal nang paninirahan sa Amerika, ang pelikula’y pagtatampok ng negatibong mukha ng Mauban at hindi kaaya-aya sa imahen ng mga naninirahan dito.

Yung pelikula, look, parang sinasabing sa Mauban ang mga tao, lahat mahilig mag-inom na hindi naman. Tootoo na nag-iinom tayo pero not in the degree na ipinapakita sa film. Sobra naman. Pinapaganda nga natin ang image ng Mauban at tapos eto, mapapanood ng marami, ang sasabihin ang mga Maubanin pala inuubos ang pera nila sa pag-iinom. Ang pangit nun di ba? Tapos balak pa daw ipalabas ‘yan sa ibang bansa. Di ba we are promoting Mauban as a tourist destination, tapos iyan ang makikita nila (Interbyu 005, 2015, Mauban).

Sa naratibong dala ng pelikula, hindi magkasundo ang bisyon ng direktor at kaniyang manonood at kung palalawigin, bisyon ng balikbayan at bisyon ng mga naiwan sa dapat na hugis at imahen ng Mauban. Kumbaga, may pagsasalunga ang kanilang kumbati sa pelikula at dahil doon, sa kanilang paggunita sa Mauban bilang isang pook. Bilang isang midyum ng representasyon o interpretasyon ng reyalidad, ang pelikula’y nagpapakita ayon sa nais ng direktor ng kaniyang unawa at paggunita sa Mauban. Maaring hindi ito ang kabuuan ng Mauban subalit ang

itinanghal ng pelikula ay bahagi ng araw-araw na buhay ng mga Maubanin. Ito ay pagpapakita ng ayon sa pansariling ebalwasyon ng direktor ay totoong buhay sa Mauban. Ganito ginugunita ng direktor ang Mauban. Subalit hindi naman ganito ang nasa isip at alaala ng ilang Maubanin, lalo na yaong mga nanirahan sa ibang bansa katulad ng Amerika. Iba ang kanilang nais at daloy ng paggunita sa Mauban. Ayon nga sa direktor ng pelikula:

Ang portrayal ko sa Mauban ay kung ano ang aking nakikita sa araw-araw. Hindi ko maaaring ibahin ang bagay na lagi’t lagi kong nararanasan. Ang trabaho ko ay ipakita kung ano ang aking danas ng reyalidad, masama man ito o pangit sa tingin ng iba. Kung hindi gusto ng iba ang pelikula dahil nagpapakita raw ito ng hindi magandang image ng Mauban, so be it. My version of truth is what my film depicts. (Interbyu 002, 2015, Mauban)

Maaring sabihing ang paggunitang ito ng isang Maubang ideyal sa paningin ng lahat ay may alingawngaw sa sentimyento ng maraming Maubaning nasa Amerika na madalang o hindi na nakauwi sa Mauban. Para sa marami sa kanila, tila frozen in time ang Mauban, kaya naman ang kabatiran nila rito ay batay sa kanilang sariling danas at rekoleksiyon bago sila umalis ng Mauban. Kaya naman lagi’t laging tila hindi nagbabago ang Mauban sa pagdaan ng panahon, naroon pa rin ang mga lumang bahay na malapit sa simbahan, malinis pa rin ang hangin, naglalaro pa rin ang mga bata sa dalampasigan at sa gabi’y mga mga binatang nanghaharana sa kadalagahan. Subalit sa pagsasakatuparan ng ganitong gawi, tila nahulog naman sa balon ng hungkag-na-pagsulong-ng-panahon ang mga Maubaning naninirahan sa Amerika. Ang Mauban nila’y isang istatikong bersiyon ng nakaraan na lagi’t laging binabalikan upang paghanguan ng mga alaalang may radikal na paghiwalay sa kulturang nilalamon at lumalamon sa kanila sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Sa pamamagitan ng mga okasyon, repetisyon, at duplikasyon ng mga gawi’t ritwal na pambayan, patuloy nilang kinukumbati ang Mauban na may tuon sa pagpapanatili ng “kinamulatan” na at libre mula sa impluwensiya sa labas, isang puro at hindi nagbabagong Mauban habang sila mismo, sa kanilang

pag-uwi’y naghahatid ng balita ng pagbabago na dapat mangyari sa Mauban. Ang ganitong tila ideyal at hindi nagbabagong Mauban ay ipinakita sa akin nang makausap ko ang balikbayang Maubaning hindi naging maganda ang pagtanggap sa pelikula. Sa kaniyang malaking bahay na bato, binaggit niya sa akin ang litanya ng mga bagay na nagulat siya nang magtagal na siya sa Mauban. Ayon sa kaniya:

“Hindi ko ito napansin sa pagdating ko pero nang magtagal na ako, aba, saka ko napansin talaga na ibang-iba na ang Mauban. Sa gabi, maraming kabataan ang nasa mga lansangan pa rin, kahit na mga babae! And they are very noisy! Wala na ring galang ang mga kabataan. Naglalakad ako minsan aba biglang may tumakbo muntik na akong matumba. Ibang-iba na talaga. Mga walang disiplina. Hindi naman ganito dati (Interbyu 001, 2015, Mauban).

Makikita rito ang tunggalian ng dati at ngayon at ang inaasahang makikita sa nakikita sa Mauban. Masasabing mayroon ditong tunggalian ng mga paggunita, mga hindi magkasundo na paraan sa pagtatanghal sa Mauban sa alaala. Kaipala, ang lohika ng paggunita ng mga Maubaning matagal na nawalay sa Mauban (kagaya ng mga naninirahan at nanirahan sa Amerika) ay nakukulayan ng kanilang dating danas at inaasahang daratnan na hindi nagbabago. Malayo naman ito at kakaiba sa paggunita ng mga Maubaning nasa Mauban o hindi umalis ng Mauban katulad ng direktor ng pelikula. Sadyang may kani-kaniyang pagtugon sa nagbabagong pag-iral ng buhay sa mundo at anumang paggunita sa anumang pook—iniwan o muling binalikan. Kinukulayan sila ng mga pansariling danas, tagal ng paglayo, at mga personal na pamamaraan katulad ng mga Maubaning sa Amerika.

Pagtatapos

Sa pagtatapos, maaaring itanong: sino ba ang Maubaning? Sila ba ay yaong ipinanganak sa Mauban, doon lumaki at piniling doon na rin manirahan o umalis kaya upang gugulin ang mahaba-haba ring

bahagi ng kanilang buhay sa ibang lugar? Maaari rin kaya na sila’y yaong hindi ipinanganak sa Mauban subalit dito na piniling manirahan? Idagdag pa rin siguro ang mga katutubong hindi naman nakikibahagi sa mga pampublikong gawain sa Mauban bunsod ng kanilang kalayuan katulad ng mga Dumagat at Agta na naninirahan sa pinakadulong barangay ng Mauban? Kung lahat sila ay Maubaning sapagkat sa isang bahagi ng kanilang buhay o patuloy silang sinasakop ng heograpiya ng Mauban (katulad ng mga katutubo) o dili kaya naman ay aktibong nakikibahagi sa paggunita sa Mauban kahit sila’y nasa malayo nang lugar, marapat ding ihimaton kung sa paanong paraan nila itinatanghal ang kanilang ugnayan at pagkumbati sa Mauban. Sa kaso ng mga Maubaning naninirahan sa Amerika, binigyang hulagway ang kanilang afinidad sa Mauban sa pamamagitan ng konsekrasyon ng danas sa pagkain at mutawi ng salita sa kanilang mga pagsasama-sama, pagsulat ng personal na akda ukol sa Mauban at kritika sa depiksiyon ng Mauban sa isang pelikula.

Sa ganitong reglamento, mahalagang mabigyang pansin ang pook bilang sisidlan hindi lamang ng mga pagbabagong ideolohikal na daloy ng panahon na maaaring makita sa pisikal na organisasyon nito bagkus ay hangan din ng mga paggunita ng mga taong nanatili doon o nakaalis na. Ibig sabihin, muli tayong nagbabalik sa pook hindi lamang tagatanggap ng mga pagbabagong gawa ng tao kung hindi tagatanggap din ng mga paggunitang kaakibat ng mga pagbabagong nagaganap. Susi sa mga pagwawaring ito ang ideya ng globalisasyon at mobilidad ng tao. Kaya naman, sa pag-unawa sa mga kumbatihang naglulundo sa paggunita sa mga pook katulad ng ipinakita sa papel na ito (pagkain ng kakaning Maubaning sa mga pagtitipon, pagsasalita ng mga salitang Maubaning, pagsulat ng mga kuwento ukol sa danas ng mga Maubaning at reaksiyon sa napanood na pelikula), ipinakikita nito ang mga paraan at daloy ng paggunita kung saan katulad ng nosyon ng identidad, dapat na makita ang pook bilang sisidlan ng hindi istatikong salalayan ng mga unawa at kabatiran bagkus ay umiinog na mga palagay at pandama, mga emosyong nagbabago-bago at nalilikha. At katulad ng identidad, ang pook din ay “mobile and processual, partly self-construction, partly categorisation by

others ... (it) is creolised aggregate composed through bricolage ... It only reveals it as contingent, as strategic rather than something unambiguously natural” (Anand 2000, p. 273).

Sa nakaraang ilang dekada, marami na rin ang narahuyo sa pagbasa sa globalisasyon bilang behikulo ng mga radikal na pagbabago na may kaugnayan sa ating mga prehuwiso, ukol sa ekonomiya at danas nito, epekto sa kultura, pagsasantabi ng interes ng nasa laylayan, walang humpay na akumulasyon ng mga naghaharing uri at marami pang iba (Albrow 1996; Bird 1993; Wilson and Dissanayake 1996). Kasabay rin naman nito ang mga pagbabago ng ating danas sa pook—mga lugar na ating inalisan at dinatingan. Kumbaga, dahil kasama ng globalisasyon ang madali na ring paglalakbay ng tao at impormasyon mas naging masalimuot ang ating ugnayan sa kairalan at proseso ng danas sa mga pook.

Kaya naman, mahalagang makita na sa walang humpay na mga pag-alis at pagbabalik, sadyang ang mga ugnayan sa mga naiwang lugar ay hindi nawawala bagkus ay naglalandas sa iba-ibang paraan ng paggunita. Ipinakita halimbawa ng mga Maubanin sa Amerika na bagama’t marami sa kanila ang madalang o hindi na nakauwi ng Mauban, may hindi mapatid na koneksiyon pa rin sila sa bayang kanilang pinagmulan at aktibo silang naghahanap at gumagawa ng mga paraan upang maisakatuparan ito. Halimbawa, maaaring idaan ito sa sensuwal na paglasap ng mga pagkaing Maubanin, o sa kibot at bagsak ng bawat salitang sa Mauban lamang ginagamit. Maaari rin namang sa mas personal na lebel ng pagsulat ng mga kuwento na may kaugnayan sa mga tao at pamilyang galing sa Mauban ang landasin tungo sa paggunita sa Mauban o kaya naman ay kritisismo sa pelikulang nagpapakita ng isang mukha ng buhay sa Mauban. Kumbaga, ang pagpapadaloy ng ugnayan sa mga pook, kagaya ng Mauban, ay may kani-kaniyang manipstasyon at mahalagang mabigyang diin ito upang maging malinaw na sa panahon ng mga hindi maampat na pag-alis at paglisan sa mga pook o sadyang panandaliang pananatili sa mga pook, ang ugnayan sa mga inalisan ay hindi naman kagyat na nawawala o pinapahi ng bagong pook na kailangang yakapin. Maaaring sabay na bigyang halaga ang ugnayan na dinatnan at naiwan.

Para sa mga Maubaning nasa Amerika, dinadanas na lamang ang Mauban sa mga taunang madaliang bakasyon, o paglasap ng mga pagkaing Maubanin sa mga pagtitipon o kaya’y pagsasalita ng mga salitang Maubanin, kaya naman limitado ang kanilang paggunita at dahil din dito, ang Mauba’y binabalikan na lamang at hindi na dinaranas araw-araw kagaya ng mga nasa Mauban. Sa ganitong kalagayan, lagi’t laging may sambit ng nostalhiya at ideyalisasyon para sa mga Maubaning nasa Amerika ang Mauban. Halimbawa, ang kumbati ng Maubaning hindi nagustuhan ang pelikula ay nakatuon sa Mauban ng kanilang panahon, isang ideyal na Mauban ng mga nanghaharanang mga binata at hindi lango sa halina ng alak. Kakambal din naman ito ng Maubaning ang hiraya sa Mauban ay yaong alaala niya batay sa kuwento ng mga Maubaning kilala niya na kaniyang tinipon. Ang lahat ng ito’y hindi kabuuan ng danas ng Mauban sapagkat nagbago na ang Mauban sa paglipas ng maraming taon at kahit ang pagkaing nagpapaalala sa mga Maubaning nasa Amerika ay maaaring hindi na rin kinakain ng mga Maubanin sa araw-araw—sila ay mga relikaryo na lamang ng nakaraan sa konteksto ng kanilang pag-alis sapagkat ang pag-alis ay tila isang one way trip at anumang pagbalik ay masalimuot. Parang laging may binabalikan ang mga Maubaning nasa Amerika subalit mahirap nang magbalik sapagkat wala na naman talagang babalikan dahil ang Mauban bilang pook ay iba na sa Maubaning laman ng kanilang kumbati at gunita.

Kaya naman, dapat ding tanggapin na may mga hamon ang paglisan at ang mga temporalidad ng ating ugnayan. Halimbawa, isa sa mga agam-agam ng mga Maubanin sa Amerika ay ang malabnaw nang pagtanggap ng mga kabataang Maubanin sa mga samahang kinasasapian ng kanilang mga magulang. Kalimitang wala silang interes sa mga gawaing may kaugnayan sa Mauban. Bunsod ng kanilang matagal nang pamumuhay sa Amerika at kawalang direktang karanasan sa pamumuhay sa Mauban (marami sa mga anak ng mga Maubanin ay hindi pa nakabibisita sa Mauban), wala silang interes na dumalo sa mga pagpupulong at pagtitipong may kaugnayan sa Mauban. Ang henerasyon ng mga nagpapasimuno ng pagdiriwang ay malapit nang marating ang age of retirement at marami sa kanila ang nagbabalak

umuwi't manirahan sa Mauban. Isa pa ring alalahanin ng matatandang Maubanin sa New Jersey ay ang kawalang paggagap ng mga kabataang Maubanin sa mga salitang Maubanin. Kalimitan kasi sa kanila'y lumaki na sa Estados Unidos at wikang Ingles ang kanilang gamit sa anumang uri ng pag-uusap. Ang kanilang pagkatuto ng wikang Filipino ay limitado. Sa kanila ring pagtatapos ng kolehiyo, ang tendensiya'y mamuhay nang nag-iisa na lalong nagpapasidhi ng hindi pagkatuto ng mga salitang mag-uugnay sa kanila sa bayang pinagmulan ng kanilang mga magulang. At dahil wala na naman talaga silang kongkretong ugnayan at identipikasyon sa Mauban, kahit na sa kanilang gawi at pakikipag-ugnayan sa iba pang Maubanin, ang Mauban para sa kanila'y isang "curious place of the past" na hindi nila mailangkap sa daloy ng pang-araw-araw nilang buhay.

Sa pagtatapos, marapat na banggitin na hindi dapat makita na may monopolyo o pinakamahalaga ang kumbati ng mga Maubaning nasa Amerika ukol sa hulagway ng Mauban sa gunita. Walang ganitong prehuwiso ang akda. Marami pa rin talagang kumbati na mayroon sa Mauban at hindi ito nagtatapos. Halimbawa, kumusta naman kaya ang kumbati ng mga Maubaning naninirahan sa Maynila o sa iba pang lugar sa Pilipinas, o idagdag pa ang mga Maubaning nasa Hong Kong, Dubai, Paris, at iba pang bansa na bunsod ng kapangyarihan ng social media ay nabibigyan ng pagkakataong magsama-sama at kaipala'y makapaglunsad ng sariling kumbati ukol sa Mauban. Sa patuloy na kompleksipikasyon, maaari ring idagdag ang mga Maubaning may dugong Tsino na bunsod ng kanilang "differentiated cultural background" ay magdudulot din ng kakaibang danas at artikulasyon ng kumbati sa Mauban. Kaya naman, walang iisang Mauban sapagkat ang Mauban ay isang nagpapatuloy na proyektong binibigyang hugis ng mga salimbayang puwersa ng kasaysayan, heograpiya, at ahensiya ng mga taong nasa Mauban at wala sa Mauban subalit may patuloy na afinidad dito.

Sanggunian

- Albrow, M. 1996. *The global age*. Cambridge: Polity Press. Print.
- Ahmed, S. and Fortier, A.-M. 2003. Re-imagining communities. *International Journal of Cultural Studies* 6(3), pp. 251-259. Print.
- Albro, R. 1998. Neoliberal ritualists of Urkupina: Bedeviling patrimonial identity in a Bolivian patronal fiesta. *Ethnology* 37(2), pp. 133-164. Print.
- Amin, A. 2002. Spatialities of globalisation. *Environment and Planning A* 34, pp. 385-399. Print.
- Anand, D. 2000. (Re)imagining nationalism: Identity and representation in the Tibetan diaspora of South Asia. *Contemporary South Asia* 9(3), pp. 271-287. Print.
- Appadurai, A. 1995. The production of locality. In: Fardon, R. ed. *Counterworks: managing the diversity of knowledge*. London: Routledge, pp. 204-225. Print.
- Appadurai, A. 1996. *Modernity at large: cultural dimensions of globalization*. Minneapolis: University of Minnesota Press. Print.
- Berking, H. 2003. 'Ethnicity is everywhere': on globalization and the transformation of cultural identity. *Current Sociology* 5(3-4), pp. 248-264. Print.
- Bird, J. et al. eds. 1993. *Mapping the futures: local cultures, global change*. London: Routledge. Print.
- Blunt, A. 2005. Cultural geography: cultural geographies of home *Progress in Human Geography* 29(4), pp. 505-515. Print.
- Buchanan, I. and Lambert, G. eds. 1988. *Deleuze and Space*. Edinburgh: Edinburgh University Press. Print.
- Casey, E. 1998. *The fate of place*. London: University of California Press. Print.
- Casey, E. 2002. *Representing Place*. Minneapolis: University of Minnesota Press. Print.
- Casey, E. 2009. *Getting back into place. Toward a renewed understanding of the place-world*. Bloomington: Indiana University Press. Print.
- Clifford, J. 1988. *The predicament of culture: Twentieth-century ethnography, literature, and art*. Cambridge: Harvard University Press. Print.
- Cohen, J. R. 1999. Music and the re-creation of identity in imagined Iberian Jewish communities. *Revista De Dialectologia Y Tradiciones Populares* 54(125-144). Print.
- Dissanayake, W. and Wilson, R. eds. 1996. *Global/local: cultural production and the transnational imaginary*. Durham: Duke University Press. Print.
- Duncan, J. and Ley, D. eds. 1993. *Place/culture/representation*. London: Routledge. Print.

- Escobar, A. 2001. Culture sits in places: Reflections on globalism and subaltern strategies of localization. *Political Geography* 20, pp. 139-174. Print.
- Flores, Ma, Crisanta Nelmidia. 2002. Pangasinan: Isang etnokultural na pagmamapa. PhD dissertation. University of the Philippines – Diliman. Print.
- Gupta, A. and Ferguson, J. 1997. Culture, power, place: Explorations in critical anthropology. London: Duke University Press. Print.
- Harvey, D. 1989. The condition of postmodernity. Oxford: Basil Blackwell. Print.
- Harvey, D. 2000. Spaces of hope. Edinburgh: Edinburgh University Press. Print.
- Harvey, D. 2006. Spaces of global capitalism: towards a theory of uneven geographical development. London: Verso. Print.
- Hudson, R. 2001. Producing places. New York: Guilford Press. Print.
- Interview 002. 2005. New Jersey.
- Interview 001. 2015. Mauban
- Interview 002. 2015. New Jersey.
- Interview 003. 2015. New Jersey.
- Interview 005. 2015. Mauban.
- Jameson, F. 1991. Postmodernism, or, the cultural logic of late capitalism. London: Verso. Print.
- Jameson, F. and Miyoshi, M. eds. 1998. The cultures of globalization. Durham: Duke University Press. Print.
- Lefebvre, H. 1991. The production of space. Oxford: Basil Blackwell. Print.
- Leonard, K. 1997. Finding one's own place: Asian landscapes re-visioned in rural California. In: Culture, power, place: Explorations in critical anthropology. London: Duke University Press, pp. 118-136. Print.
- McAllister, P. 2012. Connecting places, constructing Tet: Home, city and the making of the lunar New Year in urban Vietnam. *Journal of Southeast Asian Studies* 43(1), pp. 111-132. Print.
- Manzo, A. C. and Devine-Wright, P. eds. 2014. Place attachment: Advances in theory, methods and applications. London: Routledge. Print.
- Mankekar, P. 2015. Unsettling India: Affect, temporality, transnationality. London: Duke University Press. Print.
- Okamura, J. 1983. Filipino hometown associations in Hawaii. *Ethnology* 22(4), pp. 341-353. Print.
- Quibuyen, F. 2000. An Aborted Nation. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. Print.
- Rabinow, P. ed. 1984. The Foucault reader. New York: Pantheon Books. Print.
- Rodriguez, S. 1998. Fiesta time and plaza space: Resistance and accommodation in a tourist town. *The Journal of American Folklore* 111(439), pp. 39-56. Print.
- Soja, E. 1994. Postmodern geographies: The reassertion of space in critical social theory. London: Verso. Print.
- Scholte, J. A. 2005. Globalization: a critical introduction. London: Palgrave. Print.
- Turgo, N. 2005. Kumbatihan ng lunan: Pagsulat ng alternatibong kasaysayan ng Mauban. MA thesis. University of the Philippines – Diliman. Quezon City.
- Urry, J. 2007. Mobilities. Cambridge: Polity. Print.
- Wodak, R. and Richardson, J. 2009. On the politics of remembering (or not). *Critical Discourse Studies* 6(4), pp. 231-235. Print.